


# MGA MISTIKONG INA NG MGA PARI

## Sertipiko ng Espirituwal na Pag-aampon


**Tagalog/ Fillipino**

**Ang sinumang tumultupad sa kalooban ng aking Ama na nasa langit ay aking kapatid na lalaki, kapatid , at Ina."**

Mateo 12:50



**Priest Witness:**



**Fr. Mark Byrne, SOLT**


Association of Luisa Piccarreta
PFDV Via Luisa Piccarreta
25-27
70033 Corato (Ba)

www.luisapiccarretaofficial.org
info@luisapiccarretaofficial.org


I________________________________________________

Kapistahan ng Pagtatagumpay ng Krus 2024

Malaya kong iniaalay ang aking sarili sa pamamagitan ng Mahal na Birhen, Reyna at Ina ng Banal na Kalooban at Ina ng mga Pari,sa Diyos Ama na pinagmumulan ng Panginoong Hesukristo bilang Diyos mula sa Diyos, Liwanag mula sa Liwanag, Tunay na Diyos mula sa Tunay na Diyos, bilang Walang Hanggang Mataas na Saserdote, na hinirang ng Espiritu Santo, na para sa ating kaligtasan ay nanaog mula sa Langit, ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at isinilang ng Birheng Maria, Diyos na nagkatawang-tao, na nagpanumbalik sa ugnayan ng sangkatauhan sa Diyos, sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kanyang sarili para sa lahat bilang handog at sakripisyo sa pamamagitan ng Kanyang tungkuling pampari, upang ang mga Tinubos ay mapabanal at makapasok sa Makalangit na Templo, upang kumuha ng kanilang mga dako sa Pista ng Kasalan ng Kordero, at makibahagi magpakailanman sa Pakikipag-isang Tipan ng Kabanal-banalang Trinidad. Amen. Fiat!

**Espirituwal na mga Pangako**

1. Aampunin ko, sa espirituwal na paraan, ang isang Pari sa Kaharian ng Banal na Kalooban ( Divine Will ), na pipiliin para sa akin ng Mahal na Birhen, Reyna at Ina ng Banal na Kalooban.
2. Isasabuhay ko ang Ebanghelyo sa liwanag ng Banal na Kalooban ( Divine Will ).
3. Nais kong mas maunawaan at mas mapalalim pa ang aking kaalaman sa mga katotohanan ng Banal na Kalooban ( Divine Will ) na ipinapahayag ng mga paring ito sa buong mundo. Kinikilala ko na ang tulong na ibibigay ko sa kanila ay naaayon sa aking espirituwal na buhay.
4. Ang FIAT ng ating Mahal na Ina ay magiging alingawngaw (echo) ng Banal na FIAT ng Diyos sa Paglalang, Pagtubos, Pagpapakabanal, at sa lahat ng gawa ng Banal na Will ( Kalooban ), upang tupdin ang kahilingan sa panalanging itinuro sa atin ni Hesus: 'Sundin ang loob Mo, Ama, dito sa lupa para nang sa Langit'. Ginagawa ko itong paniniwala (motto) ng aking kaluluwa.
5. Lilipunin ko ang aking mga gawa, panalangin, mga pagdurusa ng espiritu at katawan, mga kagalakan, at iba pa, sa isang bigkis ng kaluwalhatian upang ialay ang mga ito sa Ama, para sa ikabubuti ng aking Paring-anak sa Banal na Kalooban( Divine Will).
6. Gagawa ako ng isang korona na may maiikli at kusang-loob na mga panalangin kasama ang mga inirekomendang litanya, para sa pagkakaisa ng lahat ng mga Pari sa buong mundo, upang sa komunyon ng isip, kalooban, puso, kaluluwa, at espiritu sa kanilang apostolikong gawain, maisakatuparan nila ang kanilang misyon nang may Banal na pagkakasundo at sa pagkakaisa ng komunyon ng Kabanal-banalang Trinidad.
7. Ako ay magdarasal para sa mga Pari.

**APOSTOLIKONG PANUNUMPA**

Ipinangangako ko ang pagpapalaganap ng diwa ng misyong ito sa pamamagitan ng saksi ng aking buhay at ng aking mga salita, hinihiling ang pagpapala at pamamagitan ni San Annibale Maria di Francia, RCJ. **Luisa Piccarreta – Enero 13, 1929, Tomo 25**

*"Anak ko, ito ang layunin kung bakit ko pinahintulutan ang pangangailangang dumating ang Pari: upang ilagak mo sa kanila, bilang isang banal na kayamanan, ang lahat ng mga katotohanang ibinigay ko sa iyo tungkol sa aking Banal na Fiat, at sila naman ay maging masinop at tapat na tagapagpatupad ng aking nais—na ipakilala nila ang Kaharian ng aking Banal na Kalooban."*